


Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Kawili-wiling Gawain sa Isang Likhang-Sining



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Kawili-wiling Gawain sa Isang Likhang-Sining
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Esther E. Cadayona

Editor: Lynne B. Baptista, Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo,
Arcel Gacasan

Tagasuri: Aiden L. Nuesca, Zimrose R. Pedrera, Alemer O. Veloso,
Rolibeth M. Labadia, Cee Jae Darunday

Tagaguhit: John Bill B. Juen

Tagalapat: Edgardo D. Pamugas III

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguez

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 3:
Kawili-wiling Gawain sa Isang
Likhang-Sining

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul 3 ay iyong makikilala ang mainit at malamig na mga kulay sa isang likhang-sining na nagpapakita ng isang damdamin. Pagpipinta ng isang tanawin na makabubuo ng isang damdamin. Maipagmalaki at maipakikita ang paghanga sa gawa ng mga Pilipinong pintor.

Inaasahang pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito ikaw ay:

- nakapagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa ating kalikasan;
- nakapagpipinta ng isang likhang-sining gamit ang kumplementaryong kulay sa pamamagitan ng mainit at malamig na mga kulay na may iba't ibang mga hugis; at
- nailalabas ang isinasaad ng iyong damdamin sa pamamagitan ng natapos na likhang-sining.



Painting of Farmers in Ricefield

Pinagmulan: <https://philippinesreport.com/lifestyle-culture-philippines/>
Ipininta ni: Fernando Amorsolo



Subukin

Panuto: Kilalanin kung anong uri ang sumusunod na mga kulay.
Isulat sa sagutang papel ang salitang MAINIT o MALAMIG batay sa kulay na ipinakikita.



Painting of Mercado Street, Ibaan, Batangas.<http://historicalibaan.blogspot.com/2013/07/painting-of-mercado-street-ibaan.html>
Ipininta ni: Mr. Zenyu

1. _____



Banaue Rice Terraces.<http://prettylove-love.blogspot.com/2012/01/top-4-spot-banaue-rice-terraces.html>

Ipininta ni: Fernando Amorsolo

2. _____



Pagsanjan Falls.<http://naturesgiftlink.blogspot.com/2011/07/pagsanjan-falls-in-philippines.html>

Ipininta ni: Fernando Amorsolo

3. _____



<https://sites.google.com/site/kmusecreativity/e-portfolio/week-n2/complementary.jpg?attredirects=0>

Ipininta: Complementary Site

4. _____



<https://alchetron.com/Manuel-Baldemor>
Ipininta ni: Manuel Baldemor

5. _____

Kawili-wiling Gawain sa Isang Likhang-Sining

Ang mga pintor ay gumagamit ng iba't ibang mga kulay para mailabas ang kanilang nararamdaman. May kanya-kanyang estilo ang bawat isa na naaayon sa kanilang damdaming ipinadarama sa iginuguhit o ipinipinta nilang lawaran. Maging ito ay mainit na damdamin o malamig.

Ang kondisyon at emosyon ay makikita sa pamamagitan ng paggamit ng mainit at malamig na kulay.

Sa isang mapayapang lugar sa bayan ng Ilocos may mga magkakaibigang naglalaro ng saranggola. Sila ay sina Roneto, Dods, at Jay. Masaya silang naglalaro sa isang lugar na masagana ang kanilang kalikasan. Habang nagpapalipad sila ng saranggola ay kanilang nakikita ang mga paruparo na may iba't ibang mga kulay. Kagaya ng pula, dilaw, berde at marami pang iba. Mayroon ding naggagandahang mga ibon na lumilipad sa himpapawid at dumadapo sa mayayabong at malalaking punongkahoy sa gilid ng napakalawak na lupain.

Masarap ang kanilang pakiramdam sa malakas na simoy ng hangin na dumadampi sa kanilang katawan. Nagiging magaan at maaliwalas din dahil marami silang nakikita na magagandang mga tanawin dahil sa iba't ibang kulay ng kapaligiran.

Nang maramdaman nila ang pagkapagod sa pagpapalipad ng saranggola ay naisipan nilang umuwi na sa kanilang bahay para kumain at uminom ng tubig. Nagiging buo ang kanilang pagkakaibigan dahil sa masaya nilang paglalaro.



Balikan

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Paano mo masasabi na masagana ang ating kalikasan?
2. Ano ang kulay ng isang paruparo? Maganda ba itong tingnan?
3. Ano ang masasabi mo sa kulay, hugis at laki ng isang paruparo?
4. Ano ang tawag sa magkatapat na kulay sa *color wheel*?
5. Nakakita na ba kayo ng bahaghari? Ano-anong mga kulay ang makikita dito?



Mga Tala para sa Guro

Sa pagtatalakay ng aralin, dapat gabayan ng magulang, guro, nakatatandang kapatid upang mas lalong maintindihan ang pagbuo ng isang likhang-sining gamit ng komplementaryong kulay para mailabas ang **resist technique** sa pamamagitan ng paggamit ng mainit at malamig na kulay at pagtingin sa kalikasan



Tuklasin

Magdala ng kulay na pula, dilaw, dalandan, asul, lila, at luntian. Magtanong ka sa iyong kuya, ate, tatay, nanay, tita, tito o mga kaibigan kung ano ang kanilang masasabi sa bawat kulay. Ito ba ay Mainit o Malamig na kulay. Maaaring ilista ang kanilang mga kasagutan sa bawat kulay sa likurang bahagi nito.

Mula sa mga kaisipan na ibinigay ng iyong ate, kuya ,nanay, tatay , tita, tito o mga kaibigan tungkol sa mainit at malamig na kulay. Alin ang may nakararaming sagot sa bawat kulay at ilista mo ito.

Iba't ibang Kulay


	Pula Dilaw Dalandan	Ito ang mga kulay na nagpapakita o nagpapahiwatig ng mainit na damdamin. Ang araw, apoy, at lava ay maituturing na maiinit na kulay.
	Asul Lila Berde	Ito naman ang mga kulay na gagamitin sa pagpapahiwatig ng malamig na damdamin. Ang damo, punongkahoy at tubig ay maituturing sa malamig na kulay




Suriin

Ano-anong kulay ang mainit?
Ano-anong kulay ang malamig?


Mainit na Kulay



Pula




Dilaw




Dalandan o Kahel


Malamig na Kulay



Asul o bughaw



Lila



Berde o Luntian


Note:

Colloquial term berde versus luntian

Ang berde ay kadalasang ginagamit kaysa luntian dahil ito ay maikli lamang kung sabihin. Berde ay galing sa Spanish na salita na Verde habang ang Luntian ay katutubong Tagalog na kadalasan ginagamit sa pananim.

Colloquial term asul versus bughaw

Asul ay Spanish na salita ng Azul na kadalasang ginagamit sa bansang Pilipinas, samantala ang bughaw ay sinaunang Tagalog na salita na hindi palaging ginagamit.



Pagyamanin


Gawain 1

Maglaro Ka!


1. Isulat sa isang maliit na papel ang iba't ibang kulay kagaya ng pula, dilaw, kahel, bughaw, luntian, at lila.
2. Haluin mo ito at ihagis paitaas.
3. Ang unang papel na iyong napulot na may nakasulat na kulay sa loob ng tatlong segundo kailangan masabi mo kaagad kung anong uri ng kulay ang iyong nabunot, ito ba ay mainit o malamig na kulay.

Gawain 2

Iguhit at kulayan mo sa isang malinis na papel ang sumusunod na likhang-sining na naaayon sa nakasulat.



Mainit na kulay



Malamig na Kulay



Isaisip

Panuto: Punan ng salita ang patlang upang mabuo ang isang kaisipan. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang mga pintor ay gumagamit sa kanilang pagpipinta ng iba't ibang kulay para mabuo ang kondisyon sa bawat emosyon. Ang kondisyon ng emosyon ay makikita sa pamamagitan ng paggamit ng _____ at _____ na kulay.

Ang mga malamig na kulay ay _____, _____, at _____. Ito ang mga kulay na nagbibigay sa atin ng malamig at kalmadong emosyon o damdamin. Ang _____, _____, at _____ na mga kulay ay nagbibigay din sa atin ng maaliwalas, mainit at makapagpapaligaya sa ating damdamin.



Isagawa

Pagpinta ng Landscape Gamit ang Mainit at Malamig na Kulay

1. Lumabas ka sa inyong bahay at tingnan ang iyong paligid.
2. Ihanda ang kagamitan gaya ng papel, **brush**, at **water color, jovus**. Kapag walang mga kagamitan kagaya sa nabanggit maaaring gumamit ng katas ng bulaklak at dahon na maaaring gamitin upang makabuo ng kulay. Kapag wala ka namang brush ay pwede gumamit ng dahon o sponge at kung walang papel ay maaaring gumamit ng lumang damit na medyo puti para doon mo gawin ang pagpinta. Maghanda rin ng lumang diyaryo para pansapin sa ilalim ng iyong papel.
3. Simulan mong gumuhit ng landscape. Gawin ito sa malinis na papel. Kulayan mo rin ito ng mainit at malamig na kulay depende sa sitwasyon ng iyong nararamdaman.
4. Patuyuin ito at huwag kalimutang lagyan ng pamagat.
5. Bigyan ng puntos ang iyong likhang-sining. Maaaring ipakita sa inyong ina o kung sinoman na puwede mong hingian ng opinyon gamit ang rubrik sa susunod na pahina.

Batayan ng aking likhang-Sining	Oo	Medyo	Hindi
Puntos	20	15	10
1. Ang aking likhang-sining ay gumagamit ng komplementaryong kulay na mainit o malamig at iba't ibang hugis.			
2. Ang aking likhang- sining ay nagpapakita ng isang damdamin.			
3. Makikita ang estilo at hugis ng isang likhang-sining.			
4. Naging maparaan ako sa paghanap ng mga kagamitan para sa aking gawang sining.			
5. Nabibigyan ko ng kahalagahan ang ating kalikasan.			




Tayahin

Panuto: Suriin at isulat kung Mainit o Malamig na mga kulay ang nangingibabaw sa mga ipininta na larawan. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.



1.




2.


3.



4.



5.









Karagdagang Gawain

Panuto: Gumupit ng dalawang larawan na nagpapakita ng malamig na kulay at dalawang larawan para sa mainit na kulay. Idikit ito sa malinis na papel. Ayusin ang mga larawan kagaya ng pagkakaayos ng mga kahon sa ibaba.

Malamig na kulay



Maiinit na kulay





Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. Malamig 2. Malamig 3. Mainit 4. Malamig 5. Mainit	Pagpamamaliw 1. Masagana ang ating kalikasan dahil sa may iba't-ibang kulay at mayroon pang mga hayop na ating makikita. 2. Mayroon ng iba't-ibang ibang mga kulay ang paruparo, opo, ang kulay ng kuneho ay puti, katamtaman ang laki at maganda ang hugis. Kumplementaryong kulay 5. Kalabaw 6.	Tayahin 1. Mainit 2. Mainit 3. Mainit 4. Malamig 5. Malamig
---	---	--

Sanggunian

MAPEH 3, Gabay ng Guro pp. 131-133

MAPEH 3, Kagamitan ng Mag-aaral pp. 124-125

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc., 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T., 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

LRMDS –LM-A5EL-IIa-e

Painting of Farmers in Ricefield.
<https://philippinesreport.com/lifestyle-culture-philippines/>

Painting of Mercado Street, Ibaan, Batangas.
<http://historicalibaan.blogspot.com/2013/07/painting-of-mercado-street-ibaan.html>

Banaue Rice Terraces.
<http://prettylove-love.blogspot.com/2012/01/top-4-spot-banaue-rice-terraces.html>
<https://sites.google.com/site/kmusecreativity/e-portfolio/week-n2/complementary.jpg?attredirects=0>

Pagsanjan Falls.
<http://naturesgiftlink.blogspot.com/2011/07/pagsanjan-falls-in-philippines.html>
<https://alchetron.com/Manuel-Baldemor>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph